PANUNTUNAN NG PANDAIGDIG KAPATIRANG SIKARAN NG PILIPINAS

1. **Sasanayin ko ang aking damdamin at isipan tungo sa isang matatag at hindi matitinag na paninindigan.**
2. **Sisikapin kong makamit ang tunay na kahulugan ng pagiging handa sa lahat ng pook, sa lahat ng sandali at sa ano mang pagkakataon.**
3. **Sa pagkakaroon ng tunay na lakas, pagsusumikapan kong pagyamanin ang tunay na kahulugan ng sariling disiplina.**
4. **Aking pag-aaralan ang mga alituntunin ng kagandahang asal, paggalang sa nakatataas at iwasang gawin ang mga bagay na hindi karapat dapat.**
5. **Susundin ko ang mga alituntunin ng wastong pag-uugali at hindi kailanman kalilimutan ang tunay na kahulugan ng pagtitimpi sa sarili.**
6. **Tutuklasin ko sa hinaharap ang karunungan at lakas.**
7. **Sa buong buhay ko sa pamamagitan ng disiplinang ipinagkaloob sa akin ng KAPATIRAN SIKARAN NG PILIPINAS ako ay magsisikap na isakatuparan ang tunay na kahulugan ng mga layuning ito.**